THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 46 Sept. 25, 2023 - Oct. 01, 2023

WHAT'S INSIDE?

3 MGA NAGPAPALAIS-DAAN SA CALAPAN, TUMANGGAP NG AYUDA

# 4TH ASSISTANCE TO INDIVIDUAL IN CRISIS SITUATION, HANDOG NI SENATOR 'BATO' PARA SA MGA CALAPEÑO

SI Senator Ronald “Bato” Dela Rosa, dahil datihang pulis bago naging Senador, may matigas na paninindigan subalit may busilak at malambot na puso para sa mga mahihirap.

Kung kaya naman nang dahil sa matiyagang pakikiusap ng Ina ng Lungsod ng Calapan na si City Mayor Flores-Morillo ay agarang tinugunan ni Senator Bato ang kanyang kahilingan na mabigyan ng AICS (Assistance to Individual in Crisis Situation) ang kanyang mga kababayan sa Calapan City.

*“Hindi po ako nahihiyang manghingi ng tulong sa ating mga Senador, dahil ang akin pong hinihingi ay para sa mga minamahal kong mga kababayan”,* ani City Mayor Morillo nang kanyang pangunahan ang pamamahagi ng AICS, isinagawa sa City Mall, Barangay Ilaya, Calapan City noong Setyembre 25, 2023. Ipinagpasalamat naman ni Mayor Malou ang pagdating ng mga kinatawan mula sa opisina ni Senator Dela Rosa na sina Jun Morales, Political Officer – Luzon Head at dalawa pang kasamahan nito na sina Russel Valenzuela at Cha Eludo.

Sa pamamagitan ni Mr. Jun Morales ay naipaabot ni Senator 'Bato' ang kanyang mensahe para sa mga benipisyaryo ng programa. Aniya, gamitin para sa pamilya ang ayudang natanggap at huwag sa hindi kapaki-pakinabang na bagay tulad ng sugal at iba pang masamang bisyo.

Ramdam umano ni Senator 'Bato' ang hirap na pinagdaanan ng mga Pilipino sa mga nakalipas na krisis tulad ng pandemya at kalamidad, kung kaya't nararapat lamang aniya na mabigyan ng ganitong uri ng tulong ang mga apektadong indibidwal.

Umabot sa 333 magsasaka mula sa 37 Farmers Associations sa buong lungsod na naapektuhan ng matinding tag-tuyot (drought) ang naging benipisyaryo ng AICS mula kay Senator 'Bato' Dela Rosa.

Samantalang ang isang milyong piso na pondo para dito ay nagmula naman sa Department of Social Welfare and Development (DSWD), na kung saan matapos dumaan sa mabusising balidasyon ay tumanggap ang bawat isang indibidwal ng P3,000.00.

Ang pamamahagi ng naturang ayuda ay pinangasiwaan ng Social Welfare and Development Team (SWAD-T) Oriental Mindoro sa pangunguna ni Ms. Severina Boonggaling, katuwang ang Serbisyong TAMA Center na pinamumunuan ni Mr. Peter Joseph Dytioco katulong ang Community Affairs Office.

Maliban kay Mayor Malou ay naroon din upang makiisa sa gawain si City Councilor Atty. Jel Magsuci gayundin sina Mr. Avelino Tejada, CSO Desk Officer at Engr. Jasper Adriatico, CASD – Farmers Associations Coordinator.

Mababakas sa mukha ng mga benipisyaryo ang kasiyahan matapos nilang matanggap ang tulong mula sa ating pamahalaan na anila'y makakaambag sa kanilang gastusin at bahagyang maibsan ang nararanasang kakapusan dulot ng negatibong epekto ng matinding tag-tuyot sa kanilang bukirin (Junard Acapulco/ CIO).









THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Nakibahagi ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan nina Provincial Agriculturist Office (PAgO) Christine Pine at Provincial Veterinary Office (ProVet) Provincial Veterinarian Dr. Grimaldo Catapang, DVM, sa isinasagawang Roxas Farmer's Forum na nakatuon sa temang *"Ugnayan ang Unang Hakbang Tungo sa Masaganang Pagsasaka"* na ginanap sa bayan ng Roxas noong Setyembre 26.

Pormal itong sinimulan sa pamamagitan ng talakayan sa pagitan ng mga magsasaka at mga kinatawan ng iba't-ibang ahensiya upang bigyang pagkakataon na mailahad ng mga magsasaka ang kanilang mga hinaing hinggil sa estado ng sakahan partikular sa bayan ng Roxas.

Nagsilbing resource speakers sina Provincial Agriculturist Pine; Municipal Agriculturist, National Food Authority (NFA)- Roxas Representative Nerissa Gutierez at Gabutero Farm Owner Nelson Gabutero.

Si Dr. Din Mabanta ng Mindoro Outstanding Ventures and Enterprises (MOVE) ang nagsilbing namang tagapagdaloy ng programa.

Inaasahang sa tulong nito magiging epektibo itong daan upang maiparating at maaksyunan ng kinauukulan ang hinaing ng mga magsasaka sa lalawigan partikular na sa naturang bayan. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# MGA NAGPAPALAISDAAN SA CALAPAN, TUMANGGAP NG AYUDA

APAT (4) na Fisherfolk Organizations sa Calapan City ang nakatanggap ng libreng fish feeds mula sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources - MIMAROPA (BFAR).

Ang Fish Feeds Turn-over Ceremony ay pinangasiwaan ng Provincial Fisheries Office – Oriental Mindoro sa pangunguna ni Ms. Brenda Labiaga, OIC PFO – Oriental Mindoro, Setyembre 26, 2023, BFAR Regional Office, Calapan City.

Nasa 160 sako ng milk fish grower feeds ang kabuuang bilang na natanggap ng mga naging benipisyaryo mula sa apat (4) na Fisherfolk Organizations na kanilang tinaggap sa pamamagitan ng kanilang mga pangulo na kinabibilangan nina Mr. Benedict Sibayan ng HAUYMA, Mr. Sonny Aboboto ng Baruyan Fishrefolk Association, Mr. Estelito Regala ng BANAMIE Fisherfolk Association at Mr. Marion Cepillo ng SAMA SA MNP.

Ayon kay Provincial Fisheries Officer Brenda Labiaga, ang ginagawa ng BFAR na pamamahagi ng fish feeds ay nakapailalim sa National Mariculture Project na naglalayong pasiglahin ang mariculture industry na tutugon sa mandato ng kanilang ahensya na matiyak ang food security at fish sufficiency sa bansa.

Bahagi rin umano ito ng pagbibigay halaga sa ating mga mangingisda na may malawak na responsibilidad upang mapanatili ang sapat na suplay ng isda sa mga pamilihan.

Sinabi naman ni Mr. Harry Sarabia, kinatawan ni BFAR MIMAROPA Regional Director Manny Asis, na umaasa ang Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang-tubig na sa pamamagitan ng programang ito katulad noong una ay muling mapapanumbalik ang mataas na produksyon ng bangus at tilapia sa Lungsod ng Calapan. Dagdag pa na nito, na sa kasalukuyan ay tinatayang umaabot sa tatlong (3) tonelada hanggang limang (5) tonelada ng isdang bangus at tilapia ang pumapasok kada araw sa lalawigan mula sa iba't ibang lugar na katumbas ay milyong piso na lumalabas mula sa Oriental Mindoro.

Lubos namang ipinagpasalamat ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang ayudang ipinagkaloob ng BFAR MIMAROPA para sa kanyang mga kababayan na ang hanapbuhay ay pagpapalaisdaan lalo pa't isa sa programang tinututukan ng kanyang administrasyon sa ilalim ng Green City of Calapan Program ay mapalakas ang Green Economy sa lungsod. Ayon pa sa alkalde mapalad ang apat na samahan ng mga mangingisda sa lungsod sapagkat sa kanila napunta ang 160 bags ng fish feeds na dapat sana ay laan para sa buong probinsya. Ito umano ay bunga ng kasigasigan ng City Fisheries Management Office at sa tulong ng mga Fisherfolk Association Presidents.

Walang hanggang pasasalamat naman ang ipinapaabot ng bawat samahan ng mangingisda sa BFAR. Ang 40 sako ng pagkain ng bangus na kanilang natanggap ay malaking kabawasan anila sa kanilang gastusin (Junard Acapulco/ CIO).




# WORLD TOURISM DAY 2023, IPINAGDIWANG NG CITY COLLEGE OF CALAPAN, INSTITUTE OF TOURISM AND HOSPITALITY MANAGEMENT

BILANG panauhing pandangal, nakiisa si City Mayor Marilou Flores-Morillo sa isinagawang aktibidad ng City College of Calapan, Institute of Tourism and Hospitality Management, para sa selebrasyon ng HM & TM Week na bahagi rin ng pagdiriwang para sa "World Tourism Day 2023" na nakaangkala sa temang "Tourism and Green Investments"na ginanap sa Kalap Court, City Hall, noong ika-27 ng Setyembre.

Nakasama ng butihing Ina ng Lungsod sa makabuluhang gawaing ito sina City College Administrator, Dr. Ronald F. Cantos, Ms. Marinel B. Supnet, DPA (Dean Institute of Hospitality Tourism and Management), Mr. Jhopet C. Osorio, LPT, MIHM (Program Head, BS Hospitality Management and BS Tourism Management), at ang ilan sa mga guro, gayundin ang nasa mahigit 1,261 na mag-aaral mula sa BSHM at BSTM.

*"Together, let us build a just, livable, and resilient city that reduces carbon emissions, conserve natural resources, and improve the quality life of our beloved Calapeños, let us invest in people, invest in our planet, and invest in prosperity!" — City Mayor Marilou Flores-Morillo*

Dagdag pa rito, hinihikayat din ng butihing Alkalde ang mga estudyante na mag-aral ng mabuti at hasain ang kanilang mga kakayahan, sapagkat sila ang henerasyon na magpapatuloy ng kanilang mga magagandang nasimulan sa Lungsod ng Calapan (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 46 Sept. 25, 2023 - Oct. 01, 2023

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *UNITY WALK AND PEACE COVENANT SIGNING*

PARA sa layuning makamit ang makatotohanan at maayos na Barangay at Sangguniang Kabataan Elections 2023 sa Lungsod ng Calapan ay isinagawa ang Unity Walk and Peace Covenant Signing, sinimulan ganap na 4:30 ng umaga, Setyembre 23, 2023.

Pinangasiwaan ito ng Commission on Elections katuwang ang mga konsernadong ahensya ng gobyerno tulad ng Department of Interior and Local Government (DILG), Philippine National Police (PNP), Philippine Army (PA) at ng Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Calapan.

Sinimulan ang programa sa pamamagitan ng Unity Walk na nagmula sa Calapan City Plaza Pavilion patungo sa Oriental Mindoro National Highschool. Kabilang sa mga nakasama sa unity walk ay ang mahigit dalawang libong electoral candidates na tatakbo sa BSKE 2023, City Mayor Malou Flores-Morillo kasama si City Councilor Atty. Jel Magsuci, mga kawani at opisyales mula sa COMELEC na sina Atty. John Mark R. Tambasacan, Provincial Election Supervisor, Atty. Suminingay Mirindato, Calapan City Election Officer.

Naroon din si EnP. Ivan Stephen Fadri, DILG – Calapan City Local Government Officer kasama ang mga miyembro ng kapulisan sa pangunguna nina PCOL SAMUEL S. DELORINO, Provincial Director – OrMin PPO, PLTCOL DANILO U. DRIZ JR., OIC Chief of Police – Calapan CPS.

Mula sa hanay naman ng kasundaluhan ay nanguna sina LTCOL ERWIN COMBATE, CDC Director, PA at SSG VICENTE SIACOR JR., Infantry Philippine Army. Ang religious sector ay naging kabahagi din sa nasabing gawain na kinatawan nina Bishop Rolando Ponce at Paster Ding Pama kapwa KASIMBAYANAN Life Coach at ni Imam Kim Whill Corables, SPAG President, Oriental Mindoro.

Sa OMNHS Ground kung saan isinakatuparan ang maikling programa ay nagbigay ng mensahe si Provincial Election Officer Atty. Tambasacan, ayon sa kanya, ang COMELEC ay kampante na maidaraos ang proseso ng halalan ng walang anumang suliranin subalit hindi aniya ito maisasakatuparan ng nag-iisa. Sapagakat ang tagumpay ng halalan ay dahil sa pagsasama-sama at pagtutulungan ng lahat ng sektor ng ating lipunan.

Si City Mayor Malou Flores-Morillo bilang Punong Ehekutibo ay nagpahayag ng kanyang buong pagsuporta sa layunin ng COMELEC na makamit ang maayos at mapayapang Barangay at Sangguniang Kabataan Elections 2023 sa lungsod. Pakiusap ng alkalde sa mga kumakandidato na laging tumalima sa mga itinakdang patakaran kaugnay sa halalan upang maiwasan ang anumang problema at sikaping manalo ng may integridad sa dulo ng halalan.

Samantala, inihatid naman ni City Election Officer Atty. Mirindato ang reminder on important election matters kabilang na dito ang prohibition on premature campaigning gayundin ang mga do's and dont's sa panahon ng kampanyahan.

Sa dulong bahagi ng programa ay isinakatuparan ang sabayang pagpapahayag ng Integrity Pledge para sa lahat ng nagnanais kumandidato sa BSKE 2023.

Nagtapos ang programa sa Signing of Peace Covenant na kung saan maliban sa mga aspiring candidates ay kasamang ring lumagda ang iba pang miyembro ng mga ahensya ng pamahalaan at ng Lokal na Pamahalaan, patunay ito ng pagiging kabalikat sa nagkakaisang pangarap na maihalal ang mga karapat-dapat na maglilingkod sa mga barangay (Junard Acapulco/CIO).

